# Bagong Talahulugan

Ella Jane Hermonio

## TERORISTA

**te•ro•rís•ta** *pangngalan*

: Tao o grupong gumagamit ng karahasan at paninindak para sa layuning pulitikal

Halimbawa:

// Ipinag-utos ng *terorista* na ang sinumang lalabag sa gawa-gawa niyang batas ay parurusahan ng hindi-makatarungang tagal ng pagkakakulong.

// Madaling masaktan ang *terorista* sa mga kritisismo at pasaring, kaya ang sinumang magtangkang manira at magparatang ay maaaring hulihin at kasuhan ng sedisyon o rebelyon.

// Kahit walang hawak na bomba, *terorista* pa rin ang mga taong walang atubiling magpapatay ng sinumang nakasasagabal sa mga plano at pakay nila.

// Takot ang *terorista* sa mga taong hindi takot sa kanya.

// Kapag binatikos at kinalaban mo ang totoong *terorista [wastong paggamit]*, ikaw ang ituturo niyang isa umanong *terorista [maling paggamit].*

// Isang inakusahang *terorista [maling paggamit]* ang natagpuang patay sa loob ng kanyang tirahan Lunes nang madaling araw. Isang bala ng baril sa ulo at apatnapung saksak ang tinamo ng katawan niya. Siya ay isang "peace consultant."

*Kasingkahulugan:* pasista, rehimen, pulis, militar

*Kasalungat:* aktibista, karapatang pantao, kapayapaan

*Tingnan din*:

Pulitika — mula ang kapangyarihan sa mamamayan; pero may naghahari-harian

Tákot — huwag magpasindak

**PRANGKISA**

**prang•kí•sa** *pangngalan*

: Karapatan o lisensiya na iginagawad sa isang tao o grupo upang lumikha ng serbisyo

: [*Batas*] Pribilehiyong ibinibigay ng Kongreso—sa pamamagitan ng isang batas—sa isang kumpanya upang mapayagang magpatakbo ng negosyo at serbisyong pangtelekomunikasyon

Halimbawa:

// Ipinangako ng mga mambabatas ang patas na pagdinig sa *prangkisa* ng kumpanya.

// Nagagamit din pala ang *prangkisa* bilang panggilit ng leeg.

// Matapos ibasura ng Kongreso ang *prangkisa*, nawalan ng trabaho ang libo-libong manggagawa, lalo na sa mga probinsiya.

// Ang *prangkisa* ay isang maruming basahang pambusal sa bibig.

// Naglaway ang mga buwitre sa naghihingalong *prangkisa*.

// Nilapá ng mga tutá ang *prangkisa*.

// Naghugas-kamay ang pangulo sa isyu ng *prangkisa* ng kaaway niya.

// Kapag hindi sumunod, *prangkisa* ang multa.

// Binigyan ng *prangkisa* ang taumbayan ng tatlumpung-araw na taning upang magluksa at magpaalam.

// Dahil sa ibinasurang *prangkisa*, mag-aalsa ang masa.

*Kasingkahulugan*: kabuhayan, pribilehiyo, tali sa leeg

*Kasalungat*: patas, obhetibo, makatao

*Tingnan din*:

Karapatan — dapat ibinibigay nang walang kundisyon; pero ninanakaw

Buwaya — sila

**PUGOT**

**pú•got** *pandiwa*

[ pinugutan; pinupugutan; pupugutan ]

: Ang pagtanggal o paghiwalay ng ulo mula sa katawan

**pu•gót** *pang-uri*

: Katawang natanggalan ng ulo; Ulong tinanggal mula sa katawan

Halimbawa:

// Matapos siyang *pugutan*, nadiskubreng wala pala talaga siyang gulugod.

// Ang hirap niyang *pugutan*, makapal ang leeg at mukha niya.

// Nakanganga, dilát, at umiiyak ang *pugót* na ulo sa kalsada.

// Nabubusog at nagpapakasásà sa mga *pugót* na ulo ang aswang na tuwing gabi lang nagpapakita.

// Naglipana sa umaga ang mga berdugo sa kanto, nag-aabang ng *pupugutan*.

// Ipinarada ng berdugo ang maraming *pugót* na ulong natagpas niya, mahigpit ang pagsabunot sa mga duguang buhok.

// Ginawaran ng parangal ang berdugong *namumugot* ng ulo dahil sa di-matatawarang serbisyo niya sa lipunan at sambayanan.

// May *pugót* na ulo na naman sa kabilang baranggay.

// Bago *pugutan* ang inakusahang kriminal, ang huling hiling niya ay isang makatarungang sistema ng hustisya sa bansà.

// Kahit *pugót*, hindi nakakalimot. Hindi makakalimot.

// Matagal na dapat *pinugutan* ng ulo ang dispalinghadong gobyernong ito.

*Kasingkahulugan*: karumal-dumal, walang habag, nakapangingilabot, baboy

*Kasalungat*: buhay, mamamayan, mahihirap, katarungan

*Tingnan din*:

Kamatayan — pagpatid ng paghinga; kahit buhay pa

Berdugo — dapat parusahan; huwag hayaang maghari-harian; tama na

Patalsikin — ang ulo, puno nitong lahat